

1. Tungkol sa Pagpapabakuna para sa COVID19

Sa lungsod ng Tochigi ang iskedyul para sa pagpapabakuna sa mga may edad mula 12 hanggang 64 taong gulang ay napagpasiyahan na. Kasabay nito, ang kupon sa pagpapabakuna na ipapamahagi ng siyudad ay naipadala sa pamamagitan ng koreo sa mga may edad 60 hanggang 64 taong gulang mula pa noong ika-12 ng Hulyo at ang reserbasyon ay nag-umpisa ng tanggapin mula noong ika-16 ng Hulyo. Kasunod nito, ang kupon para sa pagpapabakuna ay ipapadala naman sa pamamagitan din ng koreo para sa mga may edad 12 hanggang 59 taong gulang mula ika-21 Hulyo at ang reserbasyon ay gagawin nang magkasunod-sunod para sa bawat age bracket simula ika-17 ng Agosto.

Upang kumuha ng reservation sa pagpapabakuna ay maaring pumunta sa website ng lungsod at magpatala sa pamamagitan ng online reservation. Maari ring tumawag sa itinalagang vaccination call center sa telepono 0282-21-2418. Mangyaring tandaan lamang na napakahirap kumuha ng reservation sa pamamagitan ng pagtawag sa telepono dahil sa dami ng mga tumatawag na nagiging sanhi ng palaging busy ang linya ng telepono.

Ang lugar para sa grupo na magpapabakuna o mass inoculation site ay sa dating Besia World Sports Ohira sa tapat ng Cainz Mall Ohira. Gagawin dito ang mass inoculation mula ika-28 ng Hulyo hanggang ika-30 ng Nobyembre.

Mayroong maximum na isang libong katao ang maaring mabakunahan sa isang araw ngunit ito ay depende na rin sa supply ng bakuna na ipinagkaloob mula sa gobyerno.

Ang ibang mga pagamutan sa lungsod ay nag-aalok ng pagpapabakuna, kaya maaaring makipag-ugnayan sa kanila ng direkta at kumuha ng reservation para mabakunahan.

Ang pagpapabakuna laban sa COVID19 ay libre at walang bayad sa sinuman na naninirahan sa lungsod ng Tochigi na nais magpabakuna. Kapag hindi nakatanggap ng vaccination coupon ay dapat na makipag-ugnayan sa Tochigi Call Center ng COVID19 vaccination.

2. Impormasyon Tungkol sa Malakas na Pag-ulan

Kamakailan lamang ay maraming mga lugar sa Japan ang nasalanta ng mga sakuna dulot ng malalakas na pag-ulan.

Kapag umulan ng malakas sa isang lugar nang mahabang oras ay bumubuo ito ng isang hindi pangkaraniwang bagay na kung tawagin ay “Linear Rainy Zone” na nagdudulot ng panganib ukol sa sakuna. Malaki ang peligro ng pagguho ng lupa at pag-apaw ng mga ilog. Kung naglabas ng babala tungkol sa pagkakaroon ng Linear Rainy Zone sa ating lugar ay dapat maging maingat at suriin kaagad ang impormasyon sa ulat ng panahon sa mga balita sa telebisyon o internet at lumikas na sa lalong madaling panahon kung kinakailangan.

Maglalabas ng impormasyon ang Tochigi City Hall kung dapat ng lumikas. Kung ang heavy rainfall warning ay nasa level 4 ang inilabas ng lungsod, ay kinakailangan ng lumikas mula sa mga mapanganib na lugar ang lahat.

Kung level 5 ang inilabas na alert level, ito ay ang “Katiyakan para sa Emerhensyang Pangkaligtasan”, ibig sabihin nito ay may nagaganap ng kalamidad at kinakailangan manatili sa pinakaligtas na lugar at nararapat gumawa ng mga hakbang para bigyan proteksyon ang ating buhay at kaligtasan.

Kung inaasahan na may darating na kalamidad o sakuna depende sa sitwasyon, ang mga paaralang elementarya at mga community centers ng lungsod ay bubuksan bilang mga pangunahing sentro ng paglikas. Kahit sinuman ay maaring gumamit sa mga evacuation center na bukas para lumikas.

Maliban sa evacuation centers, maaari rin tayong lumikas at pumunta sa ating mga kamag-anak o kaibigan na nakatira sa mga ligtas na lugar.